Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T ANIM PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-9 NG HULYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad, Namuno
2. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
3. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
4. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
5. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
6. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
7. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
8. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
9. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong Barangay

****

KAPASIYAHAN BLG. 128-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Lijauco na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY NG PAGLIKHA NG TUNGKULING "LEGISLATIVE STAFF ASSISTANT III", UPANG MAPASANIB AT MAGING BAHAGI NG BALANGKAS AT TALAAN NG MGA TUNGKULIN AT KAWANI NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

YAYAMANG, kinakailangan ang kawaning Legislative Staff Assistant III, upang mapatalaga sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan na siyang magiging katuwang ng Kalihim ng Sangguniang Bayan sa pangangasiwa ng Kalihiman ng Sangguniang Bayan (Sangguniang Bayan Secretariat).

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paglikha ng tungkuling "Legislative Staff Assistant III"' upang mapasanib at maging bahagi ng balangkas at talaan ng mga tungkulin at kawani ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) JOSE B. CATINDIG, JR.
Pangalawang Punong-bayan at
Nanunungkulang Punong-bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa Katitikan ng Ika-26 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-9 ng Hulyo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

Received by:
7/22/97